# Ang REBOLUSYONARYONG LUNAS

***Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)***

**Isyu Bilang 3 | 2026**




# MGA NILALAMAN


**3** **Editoryal:**
Biguin ang imperyalistang gera at krisis!
Sumulong sa landas ng matagalang digmang bayan!

**6** **Itindig ang Pulang Bandila at Kamtin ang Rebolusyonaryong Hustisya! Durugin ang Pasistang Estado ng Rehimeng US-Marcos!**
Pahayag ng Makabayang Samahang Pangkalusugan sa pamamaslang ng Toboso 19 at Cauayan 5

**8** **Balita:**
Rebolusyonaryong pag-aaral sa mga estudyanteng pangkalusugan, sumisigla

**8** **Balita:**
Pagpapalaya sa Cordillera 8, pinapanawagan

**9** **Balita:**
Aktibidad ng MSP sa pagdiriwang ng ika-53 anibersayo ng NDFP, inilunsad

**10** **Kwentong Integrasyon:**
Tawag ng Tungkulin sa Gitna ng Militarisasyon

**12** **Kwentong Integrasyon:**
Pakikipamuhay, Pakikibaka at Panata

**14** **Solusyunan ang Krisis!**
**Isulong ang Digmang Bayan Hanggang sa Tagumpay!**

**17** **Sining at Panitikan:**
In Memoriam: JOHNNY ESCANDOR





***Likha ni Maria Amparo***

# Editoryal





## Biguin ang Imperyalistang gera at krisis!
## Sumulong sa Landas ng Matagalang Digmang Bayan!

Ikinalulugod ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) ang pagdiriwang ng ika-57 anibersaryo ng pagkakatatag ng hukbo ng masang api, ang Bagong Hukbong Bayan, noong ika-29 ng Marso. Binabati natin ang lahat ng propesyunal, manggagawa at estudyanteng pangkalusugan na tumungo sa kanayunan upang maglingkod at lumahok sa armadong pakikibaka, makiisa sa dinadanas na pang-araw-araw na hamon ng masang magsasaka, at samahan silang tahakin ang mapulang bukas na tinitiyak ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Binibigyang-pugay din natin ang mga martir ng sambayanan na nag-alay ng kanilang buhay. Sila ang naghawan ng daan at nag-iwan ng mga ginintuang aral na magtitiyak ng tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan na may sosyalistang perspektiba. Ang kanilang pagkamartir ay binhing sisibol ng sanlaksa tungo sa rebolusyonaryong pagsulong.

Ang imperyalismong US ay walang-tigil sa paglulunsad at pang-uupat ng gera upang lutasin ang sariling krisis at supilin ang dumadaluyong na paglaban ng mamayan ng daigdig. Ang kanyang pagkagahaman sa paghahari ay walang-katapusang magbubunsod ng gera sa kapwa imperyalista at sa mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Tanging gera ang paraan nito upang mang-agaw ng langis at mineral sa mga bansa para solohin ang kapitalistang produksyon at produksyong militar.

Sa Pilipinas, walang pag-aatubili si Marcos Jr. sa pangangayupapa sa lahat ng dikta at kapritso ng US kapalit ang proteksyon upang mapanatili

ang kanyang kapangyarihan. Pinahihintulutan ni Marcos Jr. na gamitin ng militar ng US ang bansa bilang base at lunsaran ng gera sa Asya Pasipiko hanggang sa Gitnang Silangan kapalit ng ayudang militar, negosyo, at suportang pampulitika sa nabubulok na rehimen. Habang abala ang lahat sa iba't ibang isyung pambansa, tahimik na nakipagkasundo si Marcos Jr. sa iba pang malalaking bansa sa pangunguna ng US bilang pinakabagong myembro ng *Pax Silica*. Labing-anim (16) ang kasama sa kasunduang ito: Australia, Israel, Japan, South Korea, Singapore, UK, US, Greece, Netherlands, Qatar, UAE, India, Sweden, Finland, Norway, at ang Pilipinas bilang pinakabagong myembro. Layon ng Pax Silica na konsolidahin at siguruhin ang pagdomina sa teknolohiyang *artificial intelligence (AI)* sa buong mundo kabilang ang *software applications and platforms, frontier foundation models, information connectivity at network infrastructure, compute* at *semiconductors, advanced manufacturing, transportation logistics, minerals refining at processing,* at *energy*. Bilang sagad-sagaring papet o tuta ng US, ang rehimeng Marcos Jr. ang unang pumayag sa kongkretong proyekto sa ilalim ng Pax Silica. Samantala, ang ibang myembro ay nasa antas pa lamang ng pagdedeklara ng polisiya at pagpaplano.



Photo: PhilStar



Photo: BusinesMirror

Upang isemento ang kasunduang ito at lubusang madambong ang ating likas na yaman, pumirma ng Memorandum of Understanding sa *Critical Minerals Ministerial meeting* sa Washington D.C. si Secretary of Environment and Natural Resources Raphael P.M. Lotilla at U.S. Secretray of State Marco Rubio sa pagitan ng Pilipinas at US noong Pebrero 4, 2026, upang maging bahagi ang bansa ng "global mineral supply chains". Kasunod ito ng pagsasabatas ng Republic Act No. 12253 o Enhanced Fiscal Regime for Large-Scale Metallic Mining Act na pinirmahan ni Marcos Jr. noong Setyembre 2025.

Sa ilalim ni Marcos Jr., mistulang *bottomless pit* o walang hanggan ang pagkagahaman ng mga burukrata kapitalista sa poder. Bagamat nagpustura ang administrasyon na pananagutin ang mga may sala sa pagdedeklara nitong "mahiya naman kayo" noong nagdaang SONA, walang kinahinatnan ang binuo niyang *Independent Commission for Infrastructure* (ICI) noong Setyembre 2025. Hanggang ngayon, pawang mga kalaban niya sa politika ang tinutugis at iilan lamang ang nakakulong.

Sa kanayunan, tumitindi ang pyudal at mala-pyudal na mga anyo ng pagsasamantala sa pamamagitan ng pangangamkam ng lupa at pang-aagaw sa kabuhayan. Ang pandarambong ng malalaking kapitalista sa likas na yaman ng


Photo: Rappler

bansa ay nagpapatuloy sa ilalim ng rehimen. Maraming buhay ang nawala at maraming ari-arian at kabuhayan ang inanod ng baha dahil sa mga tiwaling opisyal at kontraktor ng *flood control projects* at *ghost projects*. Tulak ng dikta ng imperyalistang US at sariling interes ng mga burukrata kapitalista at panginoong maylupa, walang-habas ang paghahasik ng teroristang lagim at pasistang panunupil sa mamamayan.

Sa ganitong kalagayan, maliwanag na maka-tarungan ang mag-armas at maghimagsik.

Bagamat dumanas ng matinding hamon at pinsala ang buong rebolusyonaryong kilusan, patuloy itong lumalakas sa pamumuno ng Partido sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at Kilusang Pagwawasto. Sa loob ng 57 taon, mahigit sampung (10) estratehikong opensiba o gera ng paglipol ang inilunsad ng US katuwang ang walong papet at reaksyunaryong gobyerno mula kay Marcos Sr. hanggang Marcos Jr. upang lipulin ang BHB. Sa kabila nito at tatlong (3) kilusang pagwawasto, nananatiling umuunlad ang Partido, BHB, at ang National Democratic Front of the Philippines.

Tangan ang MLM at maningning na alaala ng mga martir, ang buong rebolusyonaryong kilusan ng masang api at pinagsasamantalahan ay susulong upang kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya, at sosyalismo.


***Propesyunal, manggagawa at estudyanteng pangkalusugan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!***

***Ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo!***

***Isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan!***

***Sumulong sa landas ng matagalang digmang bayan!***

***"Tangan ang Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at maningning na alaala ng mga martir, ang buong rebolusyonaryong kilusan ng masang api at pinagsasamantalahan ay susulong upang kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya, at sosyalismo."***



*Artwork: Ang Bayan*

# ITINDIG ANG PULANG BANDILA AT KAMTIN ANG REBOLUSYONARYONG HUSTISYA!

# DURUGIN ANG PASISTANG ESTADO NG REHIMENG US-MARCOS!

## *Pahayag ng Makabayang Samahang Pangkalusugan sa pamamaslang ng Toboso 19 at Cauayan 5*



*Photo: AlterMidya*

**Ang lupa ay buhay at ang buhay ay lupa.** Ganito kahigpit na pinanghahawakan ng lahat ng rebolusyonaryong Pilipino ang determinasyon na patuloy na isulong ang digmang bayan, na isang digmang magsasaka, para tuluyang wakasan ang pyudal na sistemang umiiral sa Pilipinas lalung lalo na sa mayamang lupa ng Negros. At sa kabila ng matamis na yaman ng mga tubuhan sa Negros ay ang dekadang mapait na kasaysayan ng mga sakada at mamamayan nito.

Ang masaker na ginawa ng estado noong ika-19 ng Abril, 2026 sa 10 Pulang mandirigma, at siyam pang sibilyan na kinabibilangan ng mga kabataan, estudyante, mamamahayag, organisador at mga aktibistang Filipino-American na piniling makipamuhay sa mga magsasaka sa Toboso, Negros Occidental at pagpaslang

sa lima pang Pulang mandirigma mula sa Cauayan, Negros Occidental noong ika-16 ng Mayo ang patunay na lalong paiigtingin ng estado ang pasismo nito upang panatilihin ang pyudal na pagsasamantala para sa interes ng mga panginoong maylupa at ng imper-yalismong US.

Mula sa *fact-finding* at *solidarity mission* na ginawa ng iba't ibang organisasyon sa Toboso, kinumpira ng mga testigo at residente na anim sa mga biktima ay mga sibilyan at walang dalang mga armas sa kanilang pakikipamuhay sa mga magsasaka. Naitala rin ang mga kaso ng mga militar kaugnay ng indiscriminate firing, sapilitang pagpapaalis sa mga residente, paggamit sa magsasaka bilang kalasag, paggamit sa mga kabahayan bilang military encampment at hindi maayos na pagproseso sa mga labi kabilang ang nawawalang labi ng isang biktima. Ayon na rin mismo sa ginawang imbestigasyon ng *forensic pathologist* na si Dr. Raquel Fortun ay maraming salungat sa pahayag ng mga military sa kaniyang nakita mula sa mga labi ng mga biktima na mas lalo pang magpapatibay sa ginawang masaker ng Armed Forces of the Philippines.

Ang mga kasong ito ng AFP ay malinaw na paglabas sa Internasyunal na Makataong Batas (International Humanitarian Law) at mga krimen sa pakikidigma.

***"Wala tayong maaasahan sa kasalukuyang sistemang pinaghaharian ng pyudalismo, burukrata-kapitalismo, at imperyalismong US kung kaya ay makatarungan at natatanging solusyon ang armadong pakikibaka sa pagkakamit ng rebolusyonaryong hustisya."***

Hindi pa nakalipas ang isang buwan ay muling naghasik ng pasismo ang estado sa Negros sa pagpaslang nito sa lima pang Pulang mandirigma.

Wala tayong maaasahan sa kasalukuyang sistemang pinaghaharian ng pyudalismo, burukrata-kapitalismo, at imperyalismong US kung kaya ay makatarungan at natatanging solusyon ang armadong pakikibaka sa pagkakamit ng rebolusyonaryong hustisya. Makakamit natin ang hustisyang ito sa ating pagpapatuloy at pagpapalakas ng digmang bayan lalo na sa kanayunan at pagdurog sa berdugong mersenaryo ng estado.

Nasugatan man, ngunit ito ay pansamantala lamang dahil muling ititindig ng mamamayan ang Pulang bandila. Ang Toboso 19 ay habambuhay nang nakaukit sa mapulang kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan. Sinasaluduhan at pinagpupugayan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan ang lahat ng mga bayani at martir na nag-alay ng kanilang buhay para sa ating bayan. Ang kanilang buhay na inialay sa sambayanan ay patuloy na magbibigay-lakas at inspirasyon para walang-kapaguran at buong-lakas na ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba.

Sa harap ng tumitinding pambansa at pandaigdigang krisis bunsod ng imper-yalismong US, tiyak na mas marami pang mamamayan, kabilang ang mga mang-gagawang pangkalusugan, ang tutungo sa kanayunan at tatangan ng armas para baguhin ang nabubulok na sistema, ipaglaban ang mga karapatan at pambansang pagpapalaya mula sa kamay ng mga naghaharing-uri.#

## Rebolusyonaryong pag-aaral sa mga estudyanteng pangkalusugan, sumisigla

Bilang pagtugon sa Ikatlong Kilusang Pagwawasto, patuloy na pinauunlad at pinapatatag ng mga estudyanteng pangkalusugan ang kanilang rebolusyonaryong paninindigan sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pang-edukasyon sa gitna ng mabigat na akademikong gawain at mga klinikal na responsibilidad.

Isa sa mga regular na aktibidad na isinasagawa ay ang Pulsuhan, isang aktibidad para sa pag-aaral at pagkonsolida ng mga kasapi. Karaniwang tumatagal ito ng isang buong araw, kung saan sama-samang nagbabasa at nagtatalakay ang mga rebolusyonaryong estudyanteng pangkalusugan ng mga artikulo, polyeto, at iba pang babasahing may kaugnayan sa kalagayan ng sektor ng kalusugan at ng mamamayan. Sinusundan ito ng panonood ng mga pelikula o dokumentaryong naglalarawan ng mga usaping panlipunan at mga pakikibaka ng iba't ibang sektor, na nagsisilbing lunsaran para sa mas malalim na talakayan at pag-unawa sa rebolusyonaryong pakikibaka gayundin ng mga isyung kinakaharap ng lipunan.

Bukod dito, buwan-buwan ding nagsasagawa ng talakayan upang higit pang mapalawak ang kanilang kaalaman at kamulatan. Nagsisilbi itong mahalagang plataporma upang mapanatili ang tuloy-tuloy na pag-aaral at kolektibong paghubog ng mga estudyante bilang mga rebolusyonaryong tutungo sa kanayunan at maglilingkod sa sambayanan.

Sa ganitong mga inisyatiba, ipinapakita ng mga estudyanteng pangkalusugan na ang edukasyon ay hindi lamang nagaganap sa loob ng silid-aralan o ospital, kundi maging sa mga kolektibong pag-aaral.#

## Pagpapalaya sa Cordillera 8, pinapanawagan

Marso 11, 2026 hinuli sa Tarlac City si Dr Ana Rilloraza, Marc Mendiola, Ranee Tuazon, Theresa Forag, Kennedy Bangibang, Renato Gines, Javar Sugao, at Bobby Calsiyao ng 5th Infantry Division ng Philippine Army at Philippine National Police. Sila ay tinaguriang Cordillera 8.

Ang mga lalaking hinuli sa Tarlac City ay dumanas ng pisikal at berbal na pang-aabuso ng mga umarestong pulis, kabilang ang paghampas sa likod, pananakit sa mukha at tiyan, at sapilitang pagpapahiga sa lupa.

Si Doc Ana ay mahigit apat na dekada nang doktor na nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa mahihirap, malalayo at mga liblib na mga komunidad. Nakita rin niya at sa kalauna'y tumindig laban sa pagkamkam ng lupang ninuno ng mga katutubo at pandarambong sa kalikasan ng mga malalaking korporasyon.

Si Marc ay photojournalist sa campus paper ng Saint Louis University, Baguio City habang siya ay estudyante ng sikolohiya. Sa kanyang pagtatapos, pinili niyang magbigay ng psychosocial first aid sa mga komunidad na nakakaranas ng matinding kahirapan. Naging organisador din siya ng manggagawang pangkalusugan sa Baguio-Benguet at ipinaglaban ang mga karapatan nila.

Si Kennedy Bangibang ay peace consultant ng National Democratic Front of the Philippines

(NDFP) at protektado ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines at NDFP.

Ang mga naglilingkod sa bayan ay sinampahan ng gawa-gawang kaso tulad ng murder, frustrated and attempted murder, homicide, possession of firearms at explosives, violation of International Humanitarian Law para magmukha silang kriminal at gawing masama sa paningin ng publiko.

Kasalukuyang nakakulong sila sa ibat ibang piitan. Ang pagkulong sa kanila ay paglabag sa International Covenant on Civil and Political Rights at sa UN Declaration on Human Rights Defenders na nag-oobliga sa mga estado na protektahan ang mga nagtataguyod ng karapatang pantao at karapatang pangkalusugan.#

## Aktibidad ng MSP sa pagdiriwang ng ika-53 anibersayo ng NDFP, inilunsad

Bilang pakikiisa sa paggunita ng ika-53 taong anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong ika-24 ng Abril, masiglang naglunsad ng iba't ibang porma ng propaganda ang mga kasapi ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) nitong Abril. Ang mga kasapi ng MSP ay namigay ng polyeto sa mga dyip, nagsabit ng balatengga, at nagdikit ng mga *poster* sa iba't ibang syudad sa Metro Manila.

"Ang paggunita ng anibersaryo ng NDFP ay pagkilala sa pagsusulong ng 12-puntong programa nito para sa sambayanan. Kasama ang buong rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan at kalunsuran, ang MSP ay buong sigasig na mag-aambag ng talino at lakas sa pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba."#










# Kwentong Integrasyon: Tawag ng Tungkulin sa Gitna ng Militarisasyon

***ni Ka Oli***



*Likha ni Ka Paco*

Nais kong ibahagi ang isang natatanging karanasan sa aming pagsampa sa isang larangang gerilya sa kabundukan. Taliwas sa mga karaniwang misyong medikal, ang sonang aming tinungo ay kasalukuyang nakasailalim sa militarisasyon ng estado. Ang aming team ay binuo ng 3 doktor, 1 manggagawang pang-kalusugan, at 1 estudyanteng nars. Bilang bahagi ng isang lihim na rebolusyonaryong organisasyon, doble ang banta sa aming seguridad, ngunit bitbit ang determinasyon at ang mga kahon ng gamot na aming dinala, tinahak namin ang mapanganib na landas patungo sa mga kasama.

### Ang Paglalakbay sa Lalim ng Gabi

Hindi naging madali ang transportasyon ng mga medikal na suplay kasabay ng aming paglakad. Katatapos lamang manalasa ng isang malakas na ulan, kaya naman ang lupa sa kabundukan ay lubhang basa, maputik, at madulas. Upang makaiwas sa mga operasyon, *checkpoint*, at patrol ng militar, kinailangan naming maglakbay nang gabi.

Sa kabutihang palad, ang matinding kadiliman ng paligid ay pinawi ng maliwanag na sikat ng buwan na siyang nagsilbing gabay sa aming paghakbang. Upang hindi kami makita ng mga kaaway, mahigpit naming ipinagbawal ang pagbubukas ng ilaw. Ginamit lamang namin ang mga *flashlight* sa mga bahaging masukal ang kagubatan, kung saan ang makakapal na dahon ng mga puno ay tuluyang humaharang sa liwanag ng buwan.

### Isang Araw ng Pakikipamuhay at Pag-aaral

Dahil sa banta ng seguridad sa nasabing militarisadong lugar, mayroon lamang kaming iisang araw para sa buong misyong medikal at tour of duty. Bagaman isa ako sa mga itinalagang doktor na magsasagawa sana ng mga *check-up*, dahil ito ang aking unang pagkakataon at dahil

na rin sa kakulangan sa oras, napagpasyahan ng yunit na bigyan na lamang ako ng oryentasyon at pag-aaral.

Habang isinasagawa ng aking mga kasamahan ang mga konsultasyon, sumailalim ako sa mga edukasyonal na talakayan at binigyan ng *tour* sa paligid. Ipinakita sa akin ng sumalubong na yunit ang kanilang pang-araw-araw na buhay:

1. Ang kolektibong sistema sa kanilang pamumuhay sa lugar kasama na ang paghahanda at pagluluto ng pagkain para sa buong platun.
2. Ang disiplina sa kanilang mga pagsasanay militar.
3. Ang masusing proseso ng paglilinis at pagkakarga ng mga bala sa kanilang mga armas.

Ang aming tulugan ay inihanda rin katulad ng sa kanila. Gumamit kami ng mga trapal na itinali sa mga puno bilang panangga sa umuulang gabi, at mga duyan na isinabit para sa pagpapahinga.



*Likha ni Ka Paco*

**Ang Kalagayang Pangkalusugan ng mga Kasama**

Habang ako ay nag-aaral sa takbo ng kanilang pamumuhay, tuluy-tuloy naman at sabay na nagaganap ang pagpapakonsulta ng mga Pulang mandirigma ng yunit. Mula sa talaan ng misyon, narito ang mga pangunahing kaso na aming naitala:

• Musculoskeletal strain at sprain: Sanhi ng mabibigat na pasanin at mahahabang lakaran sa mabundok na lupain.
• Lumang sugat mula sa bala (old gunshot wounds): Mga bakas ng nagdaang mga labanan na nangangailangan ng sapat na atensyong medikal.

• Mga matagal at di-nakakahawang sakit: Tulad ng hypertension (altapresyon), Acid Peptic Disease, luslos, at Chronic Obstructive Pulmonary Disease (COPD).

• Mga nakakahawang sakit: Tulad ng mga impeksyon sa balat (skin mycoses) at mga impeksyon sa sakit sa baga dahil sa lamig at ulan.

• Mga sakit o kundisyon sa pag-iisip - post-traumatic stress disorder (PTSD), labis na kalungkutan at pag-aalala.

Dito ko lubos na napatunayan kung gaano kahirap ang buhay sa kanayunan. Walang malapit na bukal o gripo para sa inuming tubig at panligo. Walang palengke para sa pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan. Higit sa lahat, walang anumang pasilidad pangkalusugan o kahit pangunahing gamot na makapagsasalba sa kanila sa oras ng karamdaman.

**Paghanga sa Dakilang Sakripisyo**

Ang maikling karanasang ito ay nag-iwan sa akin ng malalim na paghanga sa kanilang dedikasyon at sakripisyo. Hindi biro ang talikuran ang komportableng buhay sa lungsod upang yakapin ang ganitong kahirap na kalagayan sa kabundukan.

Malinaw sa kanila kung bakit sila nagtitiis at nakikibaka: upang labanan ang tatlong nagpapasasang ugat ng kahirapan sa lipunan—ang imperyalismo, burokrata kapitalismo, at pyudalismo. Ang kanilang sakripisyo ay patunay ng isang dakilang pagmamahal sa bayan, handang ialay ang lakas at talino para sa ganap na paglaya ng masang inaapi.#

# Kwentong Integrasyon: Pakikipamuhay, Pakikibaka at Panata

***ni Ka Wendi***



***Photo: Pinterest***

Hindi ko malilimutan ang panahong nakipamuhay ako sa isang komunidad sa Cagayan Valley Region, tahimik ngunit mabigat ang kinahaharap na kalagayan ng mga magsasaka at mamamayan. Bukod sa kahirapan at kakulangan sa serbisyong panlipunan, kinahaharap din nila ang bantang dulot ng malawakang pagmimina sa kanilang lupang sakahan at kabundukan.

Bilang isang manggagawang pangkalusugan, una kong layunin ang magbigay ng serbisyong pangkalusugan. Ngunit kalaunan, naunawaan kong hindi lamang simpleng karamdaman ang problema ng komunidad.

Sa aking pananatili, araw-araw kong nasaksihan ang hirap ng mga magsasaka. Madaling-araw pa lamang ay nasa bukid na sila. Kahit tirik ang araw, tuloy ang kanilang pagtatrabaho upang may maipakain sa pamilya. Ngunit sa kabila ng kanilang pag-sisikap, marami pa rin ang baon sa utang dahil sa mababang presyo ng ani at mataas na gastos sa produksyon.

Hingal ang inabot ko sa pag-iikot ko sa komunidad na halos limang bundok pala ang pagitan bago makarating sa mga bahay ng iba pang magsasaka. Nakita ko ang kakulangan sa serbisyong pangkalusugan. May mga matatandang hindi nagpapagamot dahil walang pamasahe. Marami pa ring batang kulang sa nutrisyon. Mayroon ding mga buntis na kailangang bumiyahe nang napakalayo upang makarating sa *health center*. Higit na nakababahala, marami sa kanila ang napi-pilitang manganak sa kanilang mga tahanan dahil sa hirap ng pag-*access* sa mga serbisyong pangkalusugan. Minsan, simpleng lagnat lamang ay pinagtitiisan na dahil walang pambili ng gamot.

Ngunit higit sa lahat, tumatak sa akin ang kanilang laban kontra pagmimina.

Sa nakaraang taon, mariing tinutulan ng mga magsasaka at katutubo ang pagpasok ng dayuhang kumpanyang pagmimina na nagsasagawa ng eksplorasyon ng ginto at tanso sa libu-libong ektaryang lupain nito. Para sa kanila, hindi lamang lupa ang mawawala kapag itinuloy ang pagmimina, kasama rito ang kanilang kabuhayan, pinagkukunan ng tubig, at kinabukasan ng kanilang mga anak.

Isang hapon, habang nagpapahinga at nagkakape kami sa gilid ng bukirin matapos ang maghapong pagsasaka, nakaupo ako katabi ni Tatay Jaime, isang magsasakang halos buong buhay ay inilaan sa pagsasaka. Sa kanilang tahanan din ako nakituloy sa panahon ng aking pakikipamuhay. "Alam mo sir, kapag natuloy ang pagmimina at tuluyang mawasak ang aming lupain saan kaya kami pupulutin? Hindi man malaki ang ani namin, sapat naman para may makain ang pamilya," sabi niya habang pinagmamasdan ang kanyang mga tanim. "Ang hirap lang isipin na baka isang araw, mawala lahat ng ito." Tinanong ko siya kung ano ang pinakamalaki niyang pangamba.

Napabuntong-hininga siya bago sumagot. "Hindi ako masyadong nag-aalala para sa sarili ko. Matanda na ako. Ang iniisip ko ay ang aking mga anak lalo na ang mga apo ko. Kapag nasira ang lupa at tubig dito, ano pa ang maiiwan para sa kanila?"

Habang nakikinig ako kay Tatay Jaime, nakita ko sa kanyang mga mata hindi lamang ang takot kundi pati ang matinding pagmamahal sa lupang ilang henerasyon nang pinagkukunan ng buhay ng kanilang pamilya. Sa sandaling iyon, higit kong naunawaan na ang kanilang pakikibaka ay hindi lamang tungkol sa pagtutol sa pagmimina. Ito ay pakikibaka para sa kanilang lupang ninuno, kabuhayan, dignidad, at kinabukasan.

***"Hindi ako masyadong nag-aalala para sa sarili ko. Matanda na ako. Ang iniisip ko ay ang aking mga anak lalo na ang mga apo ko. Kapag nasira ang lupa at tubig dito, ano pa ang maiiwan para sa kanila?"***
**- Tatay Jaime**

Hindi lamang ako naging health worker doon, naging bahagi rin ako ng kanilang pang-araw-araw na buhay at pakikibaka. Kasabay kong kumain ang mga pamilya ng magsasaka, manghuli ng mga talangka para may maulam kami at mang-ani ng mga gulay, nakinig sa kanilang mga kuwento, takot at pangamba sa posibilidad ng pagkasira ng sakahan at kalikasan, sumama sa kanilang mga pag-pupulong at kahit paano ay nakapagbigay ng aking mga opinyon kung paano pa nila mapaayos ang kanilang kalagayan.

Pag-alis ko sa lugar, dala ko hindi lamang ang mga karanasan kundi ang mas malalim na pag-unawa sa tunay na kalagayan ng masang magsasaka. Bitbit ko rin ang aking panata na muling babalik upang higit pang makiisa at mag-organisa sa hanay ng mga magsasaka. Nais kong tumulong sa pagbubuo at pagpapatatag ng kanilang mga samahan at organisasyon na tunay na magsisilbi sa kanilang interes at magsusulong ng kanilang mga demokratikong kahilingan.

Bitbit ko ang paninindigang patuloy na makiisa sa kanilang laban, mula sa pagtatanggol sa lupa at kabuhayan hanggang sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa kanayunan hanggang sa maitatatag sa panimula ang tunay na organo ng kapangyarihang pampulitika na magsisilbi sa mamamayan at magtataguyod ng kanilang karapatan at kagalingan.#

# Solusyunan ang Krisis!




# Isulong ang Digmang Bayan Hanggang sa Tagumpay!



Photo: ndfp.info

***ni Ka Lay Ruba***

Walang kaparis ang pagsahol ng kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Walang ibang solusyon ang mamamayan kundi isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon para wakasan ang krisis. Napakalaking hamon sa mga rebolusyonaryong pwersa na organisahin at pakilusin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan sa pagsusulong ng digmang bayan hanggang sa tagumpay.

**Lumalaking bitak sa naghaharing-uri**

Sintoma ng kabulukan ng lipunang malakolonyal at malapyudal ang away at bangayan ng mga burukrata-kapitalista. Parang sirkus ang maniobrahan at kontra-maniobrahan ng magkakaribal na paksyon. Lantad ito sa mga kaganapan sa pultika kamakailan, partikular sa pag-impeach kay Sara Duterte ng Mababang Kapulungan at pagsumite nito sa Senado, ang agawan sa liderato ng Senado, ang paglitaw at muling paglaho ni Bato dela Rosa sa pagtakas sa warrant of arrest ng International Criminal Court (ICC). Magpapatuloy at lalala pang lalo ang bangayan habang lumalapit ang 2028 eleksyon sa pagkukumahog ng mga Marcos at mga Duterte na makaungos at makapwesto.

Umiinit ang sigalot sa pagitan ng ng mga burukratang nag-aagawan sa kapangyarihan habang patuloy ang pagdausdos ng ekonomya ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Sa pagliit ng ganansya sa poder na maaaring mahinahong paghatian at pagsaluhan ng mga burukratang kapitalista, tinutulak sila ng kanilang pagkagahaman sa mas matinding salpukan. At kapag nakaupo na sa poder, nagdadaigan naman sila sa bilis at laki ng kinukurakot sa kaban ng bayan. Naglalagan ang magkakaribal habang kanya-kanyang nagmamalinis sa harap ng

taumbayan. Hindi reresolbahin ng kawatang Marcos ang korapsyong sya mismo at kapwa nya burukrata ang gumaganansya.

Habang nagpapakasasa sa yaman at nag-aagawan sa poder ang mga burukrata-kapitalista, lalong nalulugmok sa pagdurusa at kahirapan ang sambayanan.

Bumigat pa ang pasanin ng taumbayan bunsod ng gyera ng Imperyalistang US sa Iran. Galit ang taumbayan sa pagkainutil ng rehimeng Marcos habang sumisirit ang presyo ng langis at bilihin. Bingi ito sa panawagan ng taumbayan na alisin ang mga buwis sa produktong petrolyo, price control sa mga pangunahing bilihin at taas pasahe bilang suporta sa mga tsuper at maliit na opereytor pero bigay-todo sa insentibo at tax break sa mga kasapakat na malalaking dayuhang kapitalista sa langis at lokal na burgesya-kumprador.

Dumadagdag sa galit ng taumbayan sa rehimeng Marcos ang patuloy na paghahasik nito ng karahasan laban sa mamamayang tumitindig at lumalaban. Duguan ang kamay ni Marcos, kagaya din ni Duterte, sa napakaraming buhay na nawala sa pasistang panunupil. Katarungan ang sigaw ng mamamayan para sa libu-libong biktima kapwa ng gera kontra-droga at ng pampulitikang panunupil sa mga komunidad at organisasyon ng mamamayan. Sa pamamagitan ng berdudong militar, dumarami ang malubhang paglabag sa sa karapatang pantao, kabilang ang pambobomba sa mga komunidad, pamamaslang, sapilitang pagkawala, tortyur, hamletting, fake surrender at iba pa.



Sagad ang kabulukan ng burukrata-kapitalismo. Hindi ito masosolusyunan ng pagpapalit ng mukha ng namumuno.

**Pagtindi ng Imperyalistang Gyera at Agresyon**

Kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista ang pangunahing kontradiksyon ngayon. Sa layon ng Imperyalismong US na panatilihin ang kanyang hegemonya at dominasyon at kontrolin ang risorses sa daigdig, agresibong itinutulak nito ang makasariling agendang pang-ekonomya at pangmiltar sa Asya-Pasipiko.

Malubha ang epekto nito sa mga malakolonyang bansang gaya ng Pilipinas. Ginagawang lunsaran ng US ang Pilipinas sa pang-ekonomya at pangmilitar na agenda nito kabilang ang gera sa ibang imperyalistang bansa gaya ng China.

Sa pamamagitan ng papet na rehimeng Marcos, lalong pinahihigpit ng Imperyalismong US ang kontrol sa ekonomya, pulitika, militar at patakarang panlabas. Iniaalay ng rehimeng Marcos ang ating likas na yaman, teritoryo, kasarinlan at soberenya sa imperyalismo.

Sukdulan ang pagkatuta ng rehimeng Marcos. Sang-ayon sa dikta ng among Imperyalistang US, pinalalawak nito ang mga patakarang liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Binabarat ang sahod at sweldo, benepisyo, at serbisyo-publiko. Pinipiga sa buwis ang mga ordinaryong tao.

Bumubuntot si Marcos sa Imperyalismong US sa panggegera ng huli sa Iran at sa Palestine (kasama ang Israel) at paniniil sa Venezuela, Cuba, at mga bansang lumalaban para sa pambansang kasarinlan.

Sa pamumuno ng rehimeng Marcos, lalo pang lumalala ang panghihimasok militar ng US at pag-upat ng pasistang panunupil sa bansa. Pinalalaki ang presensyang militar ng US sa EDCA sites at mga sikretong pasilidad sa iba't ibang panig ng bansa. Tuluy-tuloy ang pagpwesto

ng mga tropang Amerikano at kagamitang pandigma. Dumadalas ang war exercises, kabilang ang isinagawang pagpapalipad at papagpasabog ng Tomahawk missile, kahit mapanganib at nakapipinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Pinopondohan at tinutulak ng US ang anti insurhensyang kampanya ng pasistang rehimen. Bukod sa pakikipagtagisang militar sa imperyalistang karibal na China, nakatuon din ang mga war games gaya ng Salaknib sa panghihimasok ng US sa mga operasyong kontra-gerilya laban sa Bagong Hukbong Bayan at pagsuplay ng mga kagamitang pandigma sa AFP. Malaking sagka ang BHB sa buong paggamit ng US sa AFP sa kanyang mga imperyalistang panggegera sa Asya.


*Photo: Inquirer*

Agresibong itinutulak ngayon ng Imperyalismong US at tutang si Marcos ang pagpapahigpit ng kontrol ng mga kapitalistang Amerikano sa likas na yaman ng bansa sa balangkas ng Pax Silica. Bahagi nito ang pagbubukas ng 1,620-ektaryang Luzon Economic Corridor sa New Clark City, Pampanga at Tarlac. Kontrolado at patatakbuhin ito ng US, libre sa buwis, na naayon at sasailalim sa batas ng America. May inisyal na dalawang taong lease, na maaring irenew ng 99 taon. Nanganganib na mapalayas ang mga katutubo at magsasakang naninirahan sa saklaw na lugar. Magbibigay ito ng walang hanggang kapangyarihan sa US na maghari sa ating sariling teritoryo, dambungin ang likas na yaman, at mag-imbak ng mapanganib na gamit at armas pandigma. Animo magnet ito sa posibleng atake ng mga kalaban ng US. Hindi ito dapat payagan!

**Mag-organisa, kumilos at isulong ang digmang bayan!**

Wala tayong maasahang pag-alwan ng ating kabuhayan at kalagayan sa lipunang malakolonyal at malapyudal na pinananatili ng rehimeng US-Marcos. Tungkulin nating mga rebolusyonaryo na hamigin ang malawak na mamamayan sa landas ng rebolusyon. Kailangang patuloy na isulong ang digmang bayan upang ibagsak ang imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo at maitayo ang mas makatao at demokratikong lipunan.

Sa pagtatagumpay ng digmang bayan maitatayo ang demokratikong gobyernong pamumunuan ng proletaryo at demokratikong mga sektor at uri na titiyak sa pagtungo sa sosyalismo. Sa isang lipunang wala na ang paghahari ng imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo, maipatutupad ang tunay na repomang agraryo at makabansang industriyalisasyon para sa lahatang panig na pag-unlad. Maisasakatuparan ang makabansa, nagsasarili at nakatuon sa mamamayang sistemang pangkalusugan.

Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay! #



*Artwork: Ang Bayan*

## IN MEMORIAM: JOHNNY ESCANDOR

As a good doctor to the masses
you tried as usual
to cure sicknesses
and miseries
caused by sicknesses.

But neither you alone
nor with Bobby
nor with one thousand
nor with all your colleagues
(let us grant)
can cure the chronic sicknesses
of fifty million
and their offsprings
as long as miseries
that cause sicknesses,
killings and decay
continue to afflict


You needed to be
a different kind of doctor.
You joined the army of the miserable
and became one
of many soldiers of the masses
inflicting lethal blows
on social misery.

As a good soldier of the masses
you gave your life for the fight.
Bullets stopped you dead
and that ended the soldier in you
Always there will be many others
to replace one
but still one less with your departure
and a damn good one, in fact.
Those who are left behind
shall have to finish the battle
by themselves

But the doctor in you
was not killed.
Even before bullets got to
you
and shattered your flesh,
when you took up soldiery
and no longer could remain
always just the usual
doctor,
you had began to fragment
yourself
and multiply doctors
of a different kind.
You joined the people's war
to help society learn
to prescribe and administer
remedies for itself.

**Alan Jazmines**
Camp Bagong Diwa, Taguig,
Metro Manila

**Dr. Juan Barrameda Escandor was killed by Metrocom troopers in Quezon City on March 31, 1983. Although the military alleged that he was killed in an encounter circumstances surrounding his death show that he might have been summarily executed or salvaged.**



*From Political Detainees UPDATE vol. 7, no. 13 noong Hulyo 15, 1983*

**Ang Rebolusyonaryong Lunas**

**Ang Opisyal na Pahayagan ng Makabayang Samahang Pangkalusugan - National Democratic Front of the Philippines (MSP-NDFP)**